2025 Volume 1 Issue 1

TALAS
Mga balita, tampok, at sanaysay

# *Panaghoy ng katotohanan*

*Nuralyn P. Arola[1*], Lara Lozano[2]*
*Department of Education, Tugbungan Elementary School, Tugbungan, Zamboanga City 7000*
*Corresponding email: nuralynarola@gmail.com*

Kapansin-pansin ang isang programa ng It's Showtime kung saan tinanong ng host na si Vice Ganda Ang kalahok kung ano ang ang kanyang masasabi tungkol sa Commission on Election (COMELEC) at ang kanyang naging sagot ay nagpakita lamang ng limitadong pag-unawa sa papel nito sa ating demokrasa.

Ang responsibilidad sa pag-aaral ay hindi lamang nakasalalay sa mga indibidwal. Bagama't ang personal na pagsisikap ay mahalaga, ang gobyerno, mga paaralan, at ang pamilya ay may pananagutan na magbigay ng sapat na edukasyon at gabay sa bawat isa. Ang pagtuturo sa tungkulin bilang mamamayan ay hindi lamang dapat limitado sa mga pangalan at petsa, kundi dapat ding isama ang pag-unawa sa mga konsepto at ang kahalagahan ng aktibong pakikilahok sa hakbang sa pagbabago tlad ng halalan.

Ang pagpapalakas ng edukasyon ay nangangailangan ng isang komprehensibong hakbang. Dapat suriin at palakasin ang kurikulum sa mga paaralan upang isama ang mas malawak at mas makabuluhang pag-aaral ng mga institusyon ng pamahalaan at ang kanilang mga tungkulin. Ang mga guro ay dapat ding bigyan ng sapat na pagsasanay upang epektibong maituro ang mga ito sa maraming mga kabataan. Ang Republic Act (RA) no. 10533 na naglalayong paigtingin ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas kabilang na ang pagiging mabuting mamamayan.

Bukod sa mga paaralan, mahalaga rin ang papel ng komunidad sa pagsusulong ng edukasyon. Ang mga programa at aktibidad na naglalayong turuan ang mga mamamayan tungkol sa kanilang mga karapatan at responsibilidad ay dapat na palawakin at suportahan. Ang paggamit ng iba't ibang media, tulad ng telebisyon, radyo, at social media, ay mahalaga rin upang maabot ang mas malawak na sakop ng populasyon.

Ang responsibilidad sa pag-aaral, pagpapalakas ng edukasyon, at ang papel ng komunidad sa pagsusulong ng edukasyon, ay ang bagay na dapat lng na pag-tuonan ng pansin lalo na ng gobyerno. Habang maaga pa, gumawa na agad ng paraan upang mas mapadali ang pagreresolba ng suliranin sa lipunan, kung hindi ito mabibigyang pansin ng pamahalaan, ang mga kabataan lamang ang mahihirapan sa huli, maging anino nila ang pagiging mangmang sa anong nangyayari sa kanilang kapaligiran.

Maraming mga mamamayan ang nagsasabing hindi pa naman huli ang lahat upang turuan ito sa mga kabataan kahit sa oras ng tamang edad ang mga batas o mga kaalaman ukol sa eleksyon. Ngunit kung susumahin, mas minam na habang bata pa ay mayroon ng ideya ang mga bata tungkol sa mga seryosong usapin, para kung makatungtong na sila sa tamang edad ay handa sila ibahagi o ipamalakas kaalaman lalong lalo na sa pagpili ng lider upang matugunan ang matagal na pangahoy sa pagbabago ng bawat mamamayang Filipino.

Ang Republic Act (RA) no.8189 ay tinitiyak na ang lahat ng mga karapat-dapat na mamamayan ay makarehistro at makilahok sa proseso ng demokrasya, ngunit paano ito magagampanan kung mismo ang mga mamamayan lalo na mga kabataan dapat na bumoto ay walang sapat ang kaalaman sa proseso ng kanilang karapatan sa pagpili ng pinuno, nararapat lamang na mairesolba na ito samadaling panahon. Kung kakailangan gamitan ng Bakal na Kamao sa pagpapatulad ng batas, tulad ng sino man ang hindi boboto kahit nasa tamang edad na ay maaaring makulong. Sa ganoong paraan ang bawat isa aysapilitan makialam at magunahan sa pagkatuto ng kanilang Karapatan.

Ang pagsusulong ng edukasyon ay hindi lamang isang opsyon, kundi isang matinding pangangailangan. Kailangan ng agarang pagkilos mula sa gobyerno, mga paaralan, komunidad, at media upang matiyak na ang bawat Pilipino ay may sapat na kaalaman upang maging aktibong kalahok sa pagbuo ng isang mas maunlad at makatarungang lipunan. Ang kinabukasan ng ating demokrasya ay nakasalalay sa kaalaman lalo na ng mga kabataan.

***DETALYE NG ARTIKULO***

*T-0000003; Natanggap: Hulyo 25, 2025; Tinanggap: Hulyo 27, 2025; Nailathala: Hulyo 29, 2025*

***SIPI:***

*Arola, N. & Lozano, L. (2025). Panaghoy ng katotohanan. Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay. DOI:*

***KARAPATANG-AUTOR***

*© 2025 ng may-akda. Ang Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay ay inilalathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.*